

# LATENT TUBERKULOSIS NA IMPEKSYON (LTBI)

(LATENT TUBERCULOSIS INFECTION)



Ang Tuberkulosis, o “TB,” ay isang sakit na dulot ng mga mikrobyo na tinatawag na *Mycobacterium tuberculosis* bakterya. Mayroong dalawang kondisyon na sanhi ng bakterya ng TB: latent TB infection (latent TB na impeksyon) (LTBI) at [sakit na TB](#). Ang Tuberkulosis, o sakit na TB, ay kapag ang mga mikrobyo ng TB ay aktibong lumalaki sa iyong katawan dahil hindi mapigilan ng iyong immune system ang paglaki nito. Nagkakasakit ka.

Ang ibig sabihin ng LTBI ay mayroon kang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan nang hindi ka nagkakasakit. Kung ikaw ay may LTBI, hindi ka nakakaramdam ng sakit at hindi makakahawa ng mikrobyo ng TB sa iba. Gayunpaman, ang mga mikrobyo ng TB ay maaaring maging aktibo sa iyong katawan at magsimulang lumaki. Kung mangyayari ito, magkakaroon ka ng LTBI hanggang sa magkakasakit ng TB. Kung ikaw ay may sakit na TB, magkakasakit ka nang husto at makakahawa ng TB sa ibang tao.

## Paano ako nakakuha ng LTBI?



- ▶ Ang mga mikrobyo ng TB ay kumakalat sa hangin mula sa isang tao patungo sa isa pa. Ang mga mikrobyo ng TB ay napupunta sa hangin kapag ang isang taong may sakit na TB ay umuubo, tumatawa, kumakanta o bumabahing. Kung nakalanghap ka ng hangin na may mikrobyo ng TB, maaari kang makakuha ng LTBI.
- ▶ **Hindi** ka mahahawaan ng TB mula sa pakikipagkamay, pag-upo sa mga upuan sa banyo, o pagbabahagi ng pagkain at inumin.
- ▶ Hindi mo malalaman na mayroon kang LTBI maliban kung mayroon kang TB skin o blood test.
- ▶ Kung hindi magagamot, ang LTBI, ito ay maaaring maging sakit na TB.

## Anong mga pagsusuri ang magagamit para sa LTBI?



- ▶ Ang TB skin test (Mantoux test) o TB blood test ay magpapakita kung ikaw ay posibleng magkaroon ng mikrobyo ng TB sa iyong katawan.
- ▶ Kung ang iyong TB skin test o TB blood test ay positibo, gagawa ang doktor mo chest x-ray upang maghanap ng mga palatandaan ng sakit na TB.
- ▶ Kung ang iyong chest x-ray ay hindi nagpapakita ng mga palatandaan ng sakit na TB at wala kang sakit, ikaw ay masusuri na may LTBI.

## Paano ko malalaman kung mayroon akong LTBI?



- ▶ Kadalasan ay positibo sa TB skin test o TB blood test
- ▶ Karaniwan ay may normal na chest x-ray
- ▶ Walang nakitang mikrobyo ng TB sa mga pagsusuri sa sputum (plema)
- ▶ Hindi maipapasa ang mga mikrobyo ng TB sa ibang tao
- ▶ Hindi nakakaramdam ng sakit

BUREAU OF COMMUNICABLE DISEASES

[www.dhs.wisconsin.gov/dph/bcd.htm](http://www.dhs.wisconsin.gov/dph/bcd.htm) | [DHSDPHBCD@dhs.wi.gov](mailto:DHSDPHBCD@dhs.wi.gov)  
Wisconsin Department of Health Services | Division of Public Health





## Paano ginagamot ang LTBI?

May mga gamot na maaari mong inumin upang maiwasan ang pagkakaroon ng sakit na TB. Pinapatay ng gamot ang mga mikrobyo ng TB bago sila magkaroon ng pagkakataong magkasakit ka. Sa kasalukuyan ay may tatlong opsyon sa paggamot:

- ▶ Isoniazid (INH) at rifapentine na iniinom isang beses sa isang linggo sa loob ng 3 buwan.
- ▶ Ang Rifampin ay iniinom araw-araw sa loob ng 4 na buwan.
- ▶ Isoniazid (INH) na iniinom araw-araw sa loob ng 6-9 na buwan.

Ang iba't ibang opsyon sa paggamot na ito ay mabisa lahat. Makipag-usap sa iyong doktor upang makita kung aling opsyon ang tama para sa iyo. Kinakailangan na gawin ang chest x-ray bago simulan ang paggamot, at kung minsan ay ginagawa ang blood test upang suriin ang iyong atay. Huwag uminom ng beer, wine, o alak habang ginagamot.



## Anong mga masamang epekto ng gamot ang dapat kong hanapin?

Tulad ng lahat ng mga gamot, ang mga gamot na ginagamit upang gamutin ang LTBI ay maaaring magkaroon ng mga masamang epekto. Ang ilang mga tao ay umiinom ng mga gamot sa TB nang walang anumang problema. **Tumawag o magpatingin sa iyong doktor kung mayroon kang alinman sa mga masamang epekto na ito:**

- |  |   |                                |
|--|---|--------------------------------|
| ▶ Pagduduwal* o pagsusuka              | ▶ Paninilaw ng mata o balat                   | ▶ Pag-ubo ng higit sa 3 linggo |
| ▶ Sakit ng tiyan                       | ▶ Pamamanhid o pangigilig sa mga daliri o paa | ▶ Pinagpapawisan sa gabi       |
| ▶ Maitim na ihi (kulay ng tsaa o kape) | ▶ Pantal sa balat o pangangati                | ▶ Hirap sa paghinga            |

\*Ang ilang mga tao ay medyo naduduwal kapag nagsimula silang uminom ng mga tableta. Kung mangyari ito sa iyo, subukang kumain ng kaunting pagkain kasama ang iyong (mga) tableta o inumin ito sa oras ng pagtulog. Kung nasusuka ka pa rin pagkatapos ng tatlong araw, tawagan ang iyong doktor.



## Ano ang dapat kong tandaan kapag umiinom ng gamot para sa LTBI?

- ▶ Napakahalagang inumin ang iyong gamot sa TB gaya ng inireseta ng iyong doktor. Kung nakaligtaan mo ng maraming araw, maaaring hindi gumana ang gamot. Kung nakaligtaan mo ang anumang araw, isulat ang mga ito upang masabi mo sa iyong doktor at nars sa iyong susunod na check-up.
- ▶ Ipagpatuloy ang pag-inom ng iyong mga gamot hanggang sa sabihin ng iyong doktor na ok lang na huminto.
- ▶ Protektahan ang iyong sarili, ang iyong pamilya, at ang iyong mga kaibigan mula sa TB sa pamamagitan ng pag-inom ng lahat ng iyong gamot sa TB.
- ▶ Ang tanging paraan para maalis ang mga mikrobyo ng TB ay sa pamamagitan ng pag-inom ng mga gamot sa TB.

